



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Ang Negatibong Kultura ng mga Pilipino: **Isang Pag-aaral**

Pananaliksik na iniharap ng mga Senior High School
ng Philippine Emirates Private School
Baniyas, Abu Dhabi

Bilang bahagi ng Komunikasyon at Pananaliksik ng mga Kabataan sa
Makabagong Paggamit ng Wikang Pambayan

Nina:

Ralp James L. Villafuerte

Mark Anthony B. Abejuro

Darlene S. Laxamana

Ma. Jehoven Beatrice R. Aduhan

Aleron S. Gonzales

Marso 28, 2019



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

DAHON NG PAGTITIBAY

Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang

“Ang Negatibong Kultura ng mga Pilipino”

Inihanda ng grupo galing sa ika 11 na antas mula sa seksyon ng Einstein bilang bahagi ng katuparan sa proyekto sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kultura Pilipino at ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.

Ang pananaliksik na ito ay tinatanggap bilang pagtupad sa isa sa mga pangangailangan ng asignaturang Filipino para sa antas 11.

LALAINÉ C. RAGODON, MAED
Guro sa Pananaliksik

JOSEPHINE DE GUIA, MAELT
MAED
Tagasuri

HENRY P. NADONG,
Tagasuri

2013



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

PAGHAHANDOG

Buong puso at pagmamahal na inihahandog ng mga tagapagsaliksik ang pagaaral na ito sa mga taong tumulong, gumabay at naging bahagi't inspirasyon upang matagumpay na maisagawa ang pananaliksik na ito.

Sa Poong Maykapal na siyang nagbigay ng katatagan, lakas, patnubay at walang hanggang biyaya upang maayos na maisakatuparan ang pag-aaral na ito;

Sa mga magulang ng bawat miyembro na kabilang sa pangkat na ito na walang sawang umuunawa at sumusuporta sa aming mga pangangailangan;

Sa aming mga pamilya na umunawa at tumulong sa paggawa ng pananaliksik namin.

Sa aming propesor sa Pagbasa at Pagsulat sa Pananaliksik, Prof. Lalaine C. Ragodon, MAED, at sa mga tagasuri ng Pananaliksik na ito, na naging daan, upang ito'y maging possible;

At sa lahat ng kabilang sa pangkat na ito na nagbuhos at namuhunan ng oras at pagod upang ang pagsusuring ito ay maisaganap nang matagumpay.

2013

Ang Mga Mananaliksik



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

DAHON NG PAGSASALAMAT

Walang hanggan ang aming pasasalamat sa mga taong tumulong sa amin upang mapagtagumpayan at maging epektibo ang aming ginawang pananaliksik.

Una nagpapasalamat kami sa Panginoon dahil hindi namin ito magagawa at matatapos kung wala ang kanyang patnubay, binigyan nya kami ng lakas ng loob at sa lahat ng aming ginagawa ay nandoon ang kanyang presensya.

Pangalawa sa aming mga magulang na walang sawang sumusuporta sa aming mga pangangailangan lalong-lalo na sa problemang pangpinansyal at oras na binigay sa amin upang magawa ang aming pananaliksik.

Pangatlo sa aming guro o professor sa Filipino na gumabay sa aming pananaliksik upang mas mapalawak naming ang aming pamanahong papel.

Pang-apat sa mga mananaliksik sa mga pagaaral na ito dahil nadagdagan ang aming mga nakalap na impormasyon at nagkaroon kami ng mga basihan sa aming pag-aaral.

Pang-lima sa aking mga kamag-aral na tumulong magbigay ng impormasyon tungkol sa aming paksa.

Lubos ang aming pasasalamat dahil kung wala ang mga taong ito, di magiging epektibo, kasiya-siya, makabuluhan, maging maayos, organisado at kapani-paniwala ang aming pamanahong papel.



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

(RJLV,MABA,DSL,MJBRA,ASG)

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Pamagat	i
Dahon ng Pagtitibay	ii
Paghahandog	iii
Dahon ng Pagsasalamat	iv
Talaan ng Nilalaman.....	v
Kabanata I: Suliranin at Kaligirang Pangkasaysayan	
Panimula	1
Kaligirang Pangkasaysayan	2
Balangkas Teoritikal	3
Balangkas Konseptwal	5
Paglalahad ng Suliranin	6
Haypotesis	6
Kahalagahan ng Pagaaral	6
Saklaw at Limitasyon	7
Katuturan ng mga Salita Ginamit	7
Kabanata II: Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura	
Banyagang Pag-aaral	9



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Lokal ng Pag-aaral	10
Banyagang Literatura	10
Lokal na Literatura	12
Kabanata III: Metodo ng Pananaliksik	
Pamamaraang Gagamitin	13
Populasyon	13
Paraan ng Pagpili ng Kalahok	13
Deskripsyon ng mg Respondente	14
Instrumento	14
Paraan ng Pangangalap ng Datos	15
Uri ng Gagamiting Estadistika	15
Kabanata IV: Paglalahad, Pagsusuri at Pagpapakahulugan ng mga Datos	
Mga Talaan at Datos.....	17
Kabanata V: Lagom, Konklusyon, Rekomendasyon	
Lagom.....	32
Konklusyon.....	33
Rekomendasyon.....	35
Bibliograpiya.....	36
Liham	
Pahintulot.....	37
Palatanungan o Survey.....	41
Lagumbuhay.....	43



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Talaan ng Bilang

Talaan 1.....	17
Talaan 2.....	18
Talaan 3.....	19
Talaan 4.....	20
Talaan 5.....	22
Talaan 6.....	24
Talaan 7.....	25
Talaan 8.....	26
Talaan 9.....	27
Talaan 10.....	28
Talaan 11.....	29
Talaan 12.....	30
Talaan 13.....	31

2013



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Kabanata 1

Ang Mga Suliranin at salingan ng pag-aaral

Panimula

Ang kultura ay may kapangyarihan na hubugin ang hinaharap ng isang bansa. Ang mamamayan, ang gobyerno, at ang kanilang mga desisyon ay iniimpluwensiyahan ng kultura. Ito ay isang tunay na mahalagang bahagi ng isang bansa. Ang kultura ay ang pinaka-ubod ng isang bansa at mga mamamayan nito. Ang pagpapabaya nito ay may malalang pinsala, kahit sino ang gumawa nito.

Ang salitang negatibo, ayon sa diksyonaryo, ay isang pahayag, sagot, o kilos na kasalungat ng positibo. Ang isang tao na palaging nagrereklamo at nambabastos sa kapwa niyang tao ay siyang mailalarawan na negatibo. Dahil diyan, masasabi rin natin na ang pagiging negatibo ay isa ring kaugalian ng tao at mga grupo ng tao.

Ang isang negatibong kultura ay tumutukoy sa isang kultura na nilalaman ng makabuluhang drama at pag-aaway sa mga taong bumubuo nito. Ito ay nakakapinsala sa pag-unlad ng mga tao at ang mismong lipunan ng kulturang iyon. Ang paglaki sa loob ng isang negatibong kultura ay mayroong negatibong konsekwensya sa pagkatao ng isang indibidwal. Ang pagkakaroon ng isang negatibo kultura sa loob ng isang grupo ng tao ay mapanganib sa kinabukasan ng mga tao sa grupong iyon.

Kaligirang pangkasaysayan-

Ayon sa kanilang pananaliksik, ang mga kultura ng Pilipinas ay unti unting nagbabago nang dahil narin sa mga makabagong panahon. Ang pagbago ng ugali ng mga kabataan ay syang pinag mumulan ng kawalang galang sa mga matatanda at magulang.



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Nang dahil sa bagong teknolohiya ang mga kabataan sa panaghon ngaon ay nakalimot na sa ating kultura.

Isang halimbawa ay: Ang pagsabi nang Opo at po sa mga natatanda dahil sa pag salambuhay ng ibang kultura. Nang dahil sa kakulangan ng gabay ng mga magulang, ang mga kabataan ay nakalimutan ng mabubuting asal.

Balangkas teoritikal-

Ang kultura ng Pilipinas o kalinangan ng Pilipinas ay pinaghalong impluwensiya ng mga katutubong tradisyon at mga kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop nito noon.(Mula sa Wikipediang Tagalog, ang malayang ensiklopedya) Ang mga negatibong kulturang Pilipino ay mga kaugalian na ipinapahalagahan at isinasapamuhay at kinasanayan ng karamihan sa mga Pilipino. Ang sistema ng mga kaugaliang ito ay may katangi-tanging katipunan ng mga ideolohiya, moralidad, kabutihang asal, wastong kagawian, at kahalagahang personal at kultural na itinatakda ng lipunan nasasakop din nito ang relihiyon, antas ng kabuhayan, at iba pa. Batay sa isang pag -aaral ng Philippine Senate noong Nobyembre , 1992 sa pangunguna ni Senator Leticia Shahani sa Bagong Bayan Dasmariñas Cavite. Bagamat nakita nila sa pag aaral ang katangi tanging kulturang pinagmamalaki ng mga Pilipino , nalantad din ang mga kulturang Pilipino nagpapakita ng isang negatibo o hindi kaaya ayang kaugalian .

Ang pakikipanayam ay isinagawa sa 2000 residente ng isang grupo ng mga mananaliksik sa pamumuno ni Dr. Patricia Licuanan. Ang resulta ng pananaliksik ay base sa “bibliographic surveys” , pakikipanayam, konsultasyon sa mga ekspertong mananaliksik at mga praktisyoner sa “behavioral and social sciences”, edukasyon at kapakanang pampubliko .

Sa pag aaral na ito nabuo ang “A Moral Recovery Program – Building a People, Building a Nation” na isinumite sa Senado ng Pilipinas.




PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Balangkas Konseptwal-

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay upang magkaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral kung anong tulong ng teknolohiyasa pag-aaral ng wika sa kumukuha ng asignaturang pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. Makikita sa balangkas konseptwal na ito ay suliraning kinakaharap at mga prosesong ginamit upang matugunan at mabigyan ng kaukulang kasugutan ang nasabing suliranin.





PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Ang mga binigay na impormasyon ay ang mga sumusunod: profile ng mga taga-sagot tulad ng edad, seksyon at kasarian at mga katanungan tungkol sa tulong ng teknolohiya sa pag-aaral ng ibang wika.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng serbiy kwestyuner at gumamit ng populasyon upang maging maganda at maayos ang pag-aaral. Ginamitan din ito ng pakikipanayam at istatistikong tritment bilang proseso ng pag-aaral.

Ang kalalabasan o bilang output ng pag-aaral ay kung maalam ba nila kung ano ang negatibong kultura ng pilipinas

Paglalahad ng suliranin-

Ang pagaaral na ito ay may paksang "Ang negatibong kultura ng mga Pilipino: Isang Pag-aaral" ay naglalayong sagutin ang nakalahad na suliranin:

1. Ano ba ang Negatibong kultura ?
2. Ano ba ang dahilan ng negatibong kultura?
3. Ano ang ibat't ibang uri nito?
4. Sa pilipinas lamang ba ang mga ugali na ito?"

Hypotesis-

Ang mga mananaliksik ay pumapalagay na ang mga tao ay may kamalayan na mayroong negatibong kultura ang mga Pilipino, ngunit hindi nila masasabi na kabilang sila sa kulturang iyon. Ito ang pananaw namin dahil sa ugali ng mga tao na ilayo ang sarili nila sa mga negatibong katangian.

Kahalagan ng pagaaral-



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Ang pananaliksik na ito ay ipapakita ang antas ng kaalaman ng mga tao sa negatibong kultura ng Pilipinas, ang mga epekto nito, ilang tao ang naapektuhan nito at ang bilang ng mga taong kabilang sa kulturang ito. Ang pananaliksik na ito ay maipapakilala ang lahat ng mga ito sa mga mambabasa upang makahanap ng mga paraan na limitahin ang paglaki ng negatibong kultura.

Saklaw at limitasyon-

Ang saklaw ng pananaliksik na ito ay tungkol sa kung naniniwala ang mga magaaral na nasa ika-sampung baitang ng Philippine Emirates Private School na mayroong negatibong kultura ang mga Pilipino, kung naapektuhan sila nito, at ano sa tingin nila ang dahilan ng pagkaroon nito. Ang limitasyon ng pag-aaral na ito ay makakakuha lamang ang mga mananaliksik ng mga respondent galing sa mga estudyante na nasa ika-sampung baitang ng Philippine Emirates Private School at masusuri lamang ng mga mananaliksik ang mga pananaw ng mga respondente.

Katuturan ng mga salitang ginamit-

Ang kultura o kalinangan tumutukoy sa araw-araw na pangkabuhayan ng isang grupo. sa pangkalahatan ay tumutukoy sa aktibidad ng sangkatauhan. Sa isang payak na kahulugan, ito ang "kaparaanan ng mga tao sa buhay", ibig sabihin ang paraan kung paano gawin ang mga bagay-bagay. Iba't iba ang kahulugan ng kultura na sumasalamin sa iba't ibang mga teoriya sa kaunawaan, o sukatan sa pagpapahalaga, sa aktibidad ng sangkatauhan. Sa iba, ito ang kuro o opinyon ng buong lipunan, na maaaring makita sa kanilang mga salita, aklat at mga sinulat, relihiyon, musika, pananamit, pagluluto, at iba pa. Source- Wikipedia.com

Kabanata 2

Mga Kaygany na Literatura At pag-aaral

Banyagang at lokal na Pag-aaral-



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Sa artikulong ito ipinapahayag sa lokal at banyaga na pag aaral ang layunin at importansya kaugnay sa pag aaral.

Lokal na Pag-aaral

-Ayon sa pag-aaral ni braza, (2014) layunin nito na malaman at matuklasan ang mga problema at mga solusyon ng mga guro sa ikapitong baiting ng sekondarya sa pagpapatupad ng programang k-12.Sa kanyang pag-aaral sinasabi na ang mga nakapagtapos ng pag-aaral, makalipas ang sampung taon ay napansin ng nakararami. Sinasabi rito na ang edukasyon sa Pilipinas ay lubha ng napag iiwanan ng iba pang bansang pumapaligid dito. Ipinatupad ang programang k-12 upang mas maipataas ang kwalidad ng panganuhahing pamamaraan ng pag aaral sa ating bansa. Ngunit ang pangunahing problemang nakitaan ng mga Pilipino ay kakulangan sa pera upang matustusan ang dalawang taong dagdag sa edukasyon ng mgaPilipino. Sa pahayag ni dating pangulong Benigno Aquino III naglaan ang gobyerno ng sapat na pera o voucher natutulong sa pagpapaaral ng mga istudyanteng magtatapos ng ikasampu ng sekondarya. Kinakailangan daw makapagtapos ang mga estudyante ng may labingdalawang taon upang mabigyang tsansang mapagtagumpayan ang suliraning kinahaharap ng Pilipinas. Lahat ng mga makapagtatapos ng Technical Vocational and Livelihood sa Senior High School ay mabibigyan ng sertipikong NCII kung saan magagamit nila ito sa mabilisang paghahanap ng trabaho. Sa pampublikong paaralan sa sa probinsya ng Iloilo ay may walong kilometrong layo sa munispyo ng sariling lungsod. Sinasabi sa pag-aaral na kulang ang guro,pasilidad,pera at kagamitan ang mga pambulikong paaralan sa lungsod ng Iloilo. Ilan lamang iyan sa mga problemang kinahaharap sa pagpapatupad ng programang K-12. Kung kaya't humanap ang mga mananaliksik ng paraang tutugon sa problemang kinahaharap ng mga pampublikong paaralan sa lungsod ng Iloilo.

Ginamit sa pag aaral na ito ang isang guro ng ikapitong baitang ng pampublikong paaralan sa lungsod ng Iloilo, kung saan nagturo ang guro na ito ng may dalawang taon sa programang K-12.

Ang problemang nakita sa pag aaral ay kakulangan sa pagsasanay at mga seminarayo kung nahihirapang magturo ang mga guro sa mga estudyante. Pangalawa naman ang kakulangan sa mga modyul na ipinapamahagi sa mga estudyante. Nagkakaroon ng



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

mga mahihinang pagtuturo at istratihiya ang mga guro sa pagtuturo ng mga estudyante. Kung kaya't nahihirapan silang magturo buhat narin sa kakulangan ng oras at panahon. Kakulangan sa mga material ay isa rin sa kanilang mga problema. Isa sa mga solusyong natuklasan ng mga mananaliksik na maaring gamitin upang mabigayang solusyon ang mga problemang natuklasan ay ang pag lalaan ng mas mahaba pang oras, dahilan upang mas maipamahagi pa sa iba ang mga nalalaman ng mga guro. Paglalaan din ng mga material na makatutulong sa pagtuturo ay isa rin sa mga solusyong natuklasan. Kinakailangan ding pag aralan ng mga guro ang mga konsepto at pagbibigay ng halimbawa upang mas madagdagan ang kaalamang maipamahagi nila sa kanilang estudyante. Ang pagaaral ni (brazza, 2014) ay makatutulong sa pag aaral ng mga mananaliksik na mabigyan ng karagdagan pang kaalaman at ideya ang mga mambabasa kaugnay sa paksa ng pag aaral na ito.

Banyagang at lokal na literatura-

Sa bahaging ito nakasaad ang ilan sa mga literatura na ginamit sa pag-aaral na ito at dito rin nasususlat ang ginamit na mga reperensiya mula sa weg pages.

Mula sa Wikipediang Tagalog

Sinasabi na ang pagiging tamad ay isang ugali na binatikos noong panahon ng mga Kastila na halos mga Pilipino ay nakasanayan na. Gayun din, ayon dito ang ilan sa mga negatibong pagpapahalaga ng halos lahat ng mga Pilipino ay ang walang disiplina, ang pagiging mahilig magreklamo ngunit wala namang ginagawang solusyon, masyadong pagbibigay diin sa wikang Ingles, walang kusang loob, payabangan at pasiklaban sa kung sino ang mas nakakaangat o mas magaling, paggawa ng kuwento sa kapwa at iba pa.

Ayon sa artikulo ni jonats isang Social Media Influencer, "Maraming bagay tayong maaring ipagmalaki bilang Pinoy. Pinoy Pride ika nga. Subalit, may mga bagay rin tayong ikinakahiya. Huwag na tayong tumingin sa malayo. Aminin natin na may mga pagkakataon na hindi natin napapansing tingnan ang ating mga sarili. Kung iisipin, tayo mismo ang kinatawan ng lahat ng mga Pinoy sa mga taong nakakasalamuha natin."



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

"Ating pansinin at tanggapin na mayroon tayong mga kinaugalian o kinasanayang hindi maganda. Kinakailangan natin ng lakas ng loob at pang-unawa para gawin ito. Totoong mahirap pero hindi imposibleng baguhin para na rin mas ikabubuti ng lahat ng Pinoy."

Base sa mga binigay na negatibong kaugalian ng mga Pilipino

"Ito raw ay namana natin sa mga sinaunang dayuhan: Intsik, Kastila at maging sa mga Amerikano. Ngunit hindi na ito mahalaga. Ang mahalaga ay kung papaano natin maiaalis ang sakit na ito! Sakit na maaaring mahantong sa walang lunas na karamdaman gaya ng kanser!"

"Ngayon baka sabihin mo, "Oo alam ko na lahat ng mga 'yan. Sakit na talaga ng mga Pinoy 'yan.." Pero naisip mo ba na kaya gumagapang sa kahirapan ang bansang Pilipinas sa halos lahat ng aspeto ay dahil lugmok sa bulok na kaugalian ng karamihan? Nahahalata mo ba kung paano mag-dahilan ang mga pulitiko sa publiko? Ang gagaling nilang sumagot hindi ba? Pero may naramdaman ka bang pwera sa mga sinasabi nila? Wala. Sapagkat hanggang salita lang sila. Puro debate pero wala namang resulta. Puro sampa ng kaso pero sampung taon o higit pa bago mahatulan ng kataas-taasang hukuman. Ngayon alam mo na ba ang mga sagot sa mga pangunahing tanong na ipinukol ko sa iyo? Isa lang ito sa napakaraming isyu na dapat resolbahan kaagad hanggat hindi pa huli ang lahat."

Mula sa web page na faq.ph, sa artikulong isinulat ni Joan Cyril Abello, sinabi niya sa kaniyang paniniwala na ang mga masasamang gawi ay napagtatagumpayan na ng mga magagandang gawi ng mga Pilipino.



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

"And in order to make our country, all its regions and provinces, and every Filipinos wherever they are in the world truly rise and experience, not only national development, but also human development, we have to break our own bad habits."

Siya'y naniniwala na ang bansa ay hindi maaring hindi sundan ng pag-unlad kung ang mga inilahad na negatibong pag-uugaling ito ng mga Pilipino ay ating maaalis sa halos lahat sa atin.

Kabanata 3

Metodolohiya at Paraan ng pananaliksik

Pamamaraang gagamitin-

Ang mga mananaliksik ay gagamit ng metodo na Deskriptibong Pananaliksik o (Descriptive Survey Research). Ang metodong ito ay base sa pagpapasagot ng mga respondent ng mga katanungan, na gawa ng mga mananaliksik. Pagkatapos nito, inilalarawan ng mga mananaliksik ang mga sagot na ibinigay. Ang metodong Deskriptibong Pananaliksik ay magagamit lamang sa paglarawan ng mga datos o mga obserbasyon, at hindi makakapagbuo ang isang tao ng konklusyon galling datos na ito.

Populasyon-

Ang populasyon ng mga respondente ng pananaliksik na ito ay limampu't dalawang (52) estudyante ng ika-sampung baitang ng Philippine-Emirates Private School.

Paraan Ng Pagili kalahok-

Ang mga mananaliksik ay gagamit ng metodong unibersal na sampling upang makamit sa mga respondent ang mga kinakailangang datos. Sa kadahilang sila ay pinili sa kabuuan ng estudyanteng sa ika-sampung ng Philippine Emirates Private School upang magsilbing tagatugon sa mga katanungan ng binuong survey. Ang populasyon nila ay limampu't limang (55) estudyante na higit na mag sasakatuparan ng tamang bilang ng tagatugon para sa pananaliksik.



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Deskripsyon ng mga respondente-

Ang mga tagatugon ay mga estudyante ng Philippine Emirates Private School na nasa ika-sampung baitang. Ito ay binubuo ng dalawampung (20) lalaki at tatlumpu't dalawang (32) babae na may edad na labing-apat (14) hanggang labing-pitong (17) taong gulang.

Instrumento-

Ang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik sa pananaliksik na ito ay:

1. Listahan ng mga katanungan o Survey Questionnaire, lahat ng
2. Kompyuter
3. MS Word
4. Google

Paraan ng pangangalap ng datos-

Kukunin ang mga nangangailangang datos sa mga estudyanteng nasa ika-sampung baitang sapagkat mas marami ang kaalaman nila sa paksang lipunan at kultura at mas maipapahiwatig nila ang nais makuhang impormasyon ng mga mananaliksik

Uri ng ginagamiting estadisika-

Ang mga estadistika ng aming pananaliksik ay base sa mga sagot ng mga magaaral kung sang-ayon o hindi sang-ayon sila sa mga nakalatag na katanungan. Ang mga porsiyento nga mga sumang-ayon at hindi sumang-ayon ay maipapakita sa paggamit ng pie chart, upang mas madali maunawaan ang pananaliksik na ito.

KABANATA 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga natipong mga datos sa pananaliksik na isinagawa tungkol sa pag-aaral na ito. Dito nakapresenta ang mga datos na nakalap na naguugnay sa mga 'Negatibong Kultura ng mga Pilipino'. Ang pag-aaral na ito ay ipinatupad upang ipabatid sa mga mag-aaral ang mga negatibong katangian ng mga Pilipino na kailangang iwasan. Sa bawat talahanayan na nakasaad sa sumusunod ay ang mga sagot o palagay ng mga respondante ayon sa serbey na isinagawa:

Talaan 1

Bilang at Porsyento ng mga Respondante ayon sa Kasarian

Kasarian	Bilang	Porsyento
Babae	14	61.5%
Lalaki	14	38.5%
Kabuuan	28	100%

Sa ika-sampung baitang ng PEPS, mayroon limampu't dalawang (52) mga estudyante, tatlungpu't dalawa (32) ang kababaihan at dalawampu (20) naman ang kalalakihan. Kung babasehan sa porsyento, 61.5 ang porsyento ng babae sa buong Grade 10, habang 38.5 naman ang porsyento ng mga lalake.

Base sa talaang ito, mas madami ang babae sa Grade 10 ng PEPS

Talaan 2

Bilang at Porsyento ng mga Respondante ayon sa Edad

Edad	Bilang	Porsyento
15	10	50%
16	10	25%
17	8	25%
Kabuuan	28	100%



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Sa limampu't dalawang estudyante sa PEPS, labing dalawa (12) and bilang ng may edad na labing lima (15), tatlumpu't tatlo (33) naman sa edad na labing anim (16), at pito (7) ang may edad na labing pito (17). Ang posyento sa bilang nang may edad na labing lima (15) ay 23%, sa bilang naman nang may edad na labing anim (16) ay 63.5%, at sa bilang nang may edad na labing pito (17) ay 13.5%. Base sa talaang ito, masasabi na mas madaming estudyante ang may edad na labing anim (16) sa Grade 10 sa PEPS.

Talahanayan 3

Ang bilang ng mga Porsyento ayon sa Seksyon

Seksyon	Bilang	Porsyento
Leadership	10	36.7
Competence	18	64.3%
Kabuuan	28	100%



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

SA ika-sampung baiting ng PEPS ay nahahati sa dalawang sekyon. Ayon sa respondenteng sumagot, sampu (10) ang lahat ng bilang na sumagot sa serbey mula sa sekyon ng Leadership. Labing walo (18) naman ang lahat ng bilang ng mga nakasagot sa serbey mula sa sekyon ng Competence. Ang lumabas na resulta na nakasagot na respondante sa serbey ay nasa dalawangpu't walong (28) bilang ang kabuuuan. Sa bilang ng porsyento, 35.7% ang mga nakasagot sa sekyon ng Leadership at 64.3% ang kabuuang porsyento ng mga respondenteng nakasagot mula sa seksyon ng Leadership. Sa kabuuan, mayrong dalawangpu't walong (28) respondante ang sumagot sa serbey.

Talahanayan 4

Ang bilang ng porsyento ayon sa Ang bilang ng porsyento ng tugon na sumagot sa pahayag na “Hindi ko ito pweding makuha kaya’t hindi ko hahayaang makuha mo rin ito”

Sagot	Bilang	Porsyento
Hindi kailanman	19	67.9%
Minsan	8	28.6%



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Madalas	1	3.6%
Kabuuan	28	100%

Mula sa talahanayan 4, lumalabas na 67.9% ang bilang na hindi kailanman ginawa ang katangiang tinatawag na 'Crab Mentality', 28.6% naman ang mga tugon na minsan lamang ito nagagawa, at 3.6% ang kinalabasan na tugon na madalas nagagawa ito. Sa kabuuan, 100% ang lahat ng sumagot sa hinihinging tugon.

Ayon sa mga tugon mula sa talahanayan 4, ang resulta ay lumalabas na nakararami ang bilang ng **hindi kailanman** ginawa ang negatibong katangiang ito na tinatawag na 'Crab Mentality'. Ang kasagutang '**madalas**' naman ang mayroong pinakamababang bilang ng porsyentong isinagot ng mga respondante.

Talahanayan 5

Ang bilang ng porsyento ng tugon na sumagot sa pahayag na "Mamaya na"

Sagot	Bilang	Porsyento
Hindi kailanman	0	0%
Minsan	8	28.6%
Madalas	20	71.4%



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Kabuuan	28	100%
---------	----	------

Mula sa talahanayan 5, lumalabas na 0% ang bilang na hindi kailanman ginawa ang katangiang ito. 28.6% naman ang lumabas na resulta na minsan ito nagagawa. 71.4% ang madalas na nakakagawa nito. Sa kabuuan, 100% ang lahat ng sumagot sa hinihinging tugon.

Ayon sa mga tugon mula sa talahanayan 5, ang resulta ay lumalabas na nakararami ang bilang ng **madalas** ginagawa ang laging ginagawa ng mga Pilipino, ang pagsasabi ng 'Mamaya na', o sa makabilang salita, ang katangiang pagpapaliban sa mga trabaho. Ang kasagutang '**hindi kailanman**' naman ay hindi isinagot ng mga respondante.

Talahanayan 6

2013

Ang bilang ng porsyento ng tugon na sumagot sa pahayag na "Bahala na si Batman"

Sagot	Bilang	Porsyento
Hindi kailanman	8	28.6%



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Minsan	10	35.7%
Madalas	10	35.7%
Kabuuan	28	100%

Mula sa talahanayan 6, lumalabas na 28.6% ang bilang na hindi kailanman ginawa ang katangiang ito. 35.7% naman ang lumabas na resulta na minsan ito nagagawa. 35.7% ang madalas na nakakagawa nito. Sa kabuuan, 100% ang lahat ng sumagot sa hinihinging tugon.

Ayon sa mga tugon mula sa talahanayan 6, ang resulta ay lumalabas na parehas ang bilang (35.7%) ng mga tugon mula sa sagot na **‘minsan’** at **‘madalas’** na ginagawa ang katangiang ‘mangyari na ang mangyayari’. Ang kasagutang **‘hindi kailanman’** naman ang mayroong pinakamababang bilang ng porsyentong isinagot ng mga respondante.

Talahanayan 7

Ang bilang ng porsyento ng tugon na sumagot sa pahayag na “Sa una lang ako nasasabik sa mga bago kong gamit”

Sagot	Bilang	Porsyento
Hindi kailanman	6	21.4%



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Minsan	19	67.9%
Madalas	3	10.7%
Kabuuan	28	100%

Mula sa talahanayan 7, lumalabas na 21.4% ang bilang na hindi kailanman ginawa ang katangiang ito. 67.9% naman ang lumabas na resulta na minsan ito nagagawa. 10.7% ang madalas na nakakagawa nito. Sa kabuuan, 100% ang lahat ng sumagot sa hinihinging tugon.

Ayon sa mga tugon mula sa talahanayan 7, ang resulta ay lumalabas na nakararami ang bilang ng **minsang** ginagawa ang katangiang ginagawa ng mga Pilipino na tinatawag na 'Ningas Cogon'. Ang kasagutang '**madalas**' naman ang mayroong pinakamababang bilang ng porsyentong isinagot ng mga respondante.

Talahanayan 8

Ang bilang ng porsyento ng tugon na sumagot sa pahayag na "Hindi ako sumusunod sa nakadesisyonang oras ng pagkikita ng mga kaibigan ko"

Sagot	Bilang	Porsyento
-------	--------	-----------



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Hindi kailanman	6	21.4%
Minsan	14	50%
Madalas	8	28.6%
Kabuuan	28	100%

Mula sa talahanayan 8, lumalabas na 21.4% ang bilang na hindi kailanman ginawa ang katangiang ito. 50% naman ang lumabas na resulta na minsan ito nagagawa. 28.6% ang madalas na nakakagawa nito. Sa kabuuan, 100% ang lahat ng sumagot sa hinihinging tugon.

Ayon sa mga tugon mula sa talahanayan 8, ang resulta ay lumalabas na nakararami ang bilang ng **minsang** ginagawa ang katangiang ginagawa ng mga Pilipino, ang hindi pagsunod sa nakadesisyonang oras ng pagkikita, o ang tinatawag na 'Filipino Time'. Ang kasagutang '**hindi kailanman**' naman ang mayroong pinakamababang bilang ng porsyentong isinagot ng mga respondante.

Talahanayan 9

Ang bilang ng porsyento ng tugon na sumagot sa pahayag na "Sinisisi ko ang iba sa kasalanang aking ginawa"

Sagot	Bilang	Porsyento
-------	--------	-----------



PHILIPPINE EMIRATES PRIVATE SCHOOL

Baniyas East, Abu Dhabi, UAE

Hindi kailanman	19	16.9%
Minsan	9	32.1%
Madalas	0	0%
Kabuuan	28	100%

Mula sa talahanayan 9, lumalabas na 16.9% ang bilang na hindi kailanman ginawa ang katangiang ito. 32.1% naman ang lumabas na resulta na minsan ito nagagawa. 0% ang madalas na nakakagawa nito. Sa kabuuan, 100% ang lahat ng sumagot sa hinihinging tugon.

